

PAUNAWA SA KALIGTASAN: MAGHANDA SA MGA PAGPATAY NG KURYENTE PARA SA KALIGTASAN NG PUBLIKO (PSPS)

Kapag ang mga kondisyon ng panahon na dulot ng sunog, kabilang ang malalakas na hangin, tuyong halaman, at mababang halumigmig, ay naglalagay sa panganib sa ating mga komunidad, maaari naming pansamantalang patayin ang kuryente. Ang mahalagang kasangkapang pangkaligtasan na ito ay tinatawag na Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoff - PSPS) at nakakatulong itong mabawasan ang panganib ng sunog na sanhi ng kagamitan ng utility. Kahit na wala kang account sa Southern California Edison (SCE), maaari ka pa ring maapektuhan ng PSPS.

ANO ANG AASAHAN SA PANAHOON NG PSPS.



Paunang Paunawa. Ang iyong kasero o may-ari ng ari-arian ay karaniwang makakatanggap ng alerto mula sa amin hanggang tatlong araw bago patayin ang kuryente.



Pagpatay ng kuryente. Kapag naganap ang mga pagpatay ng kuryente, kakailanganin naming panatiliing patay ang kuryente hanggang sa bumuti ang panahon.



Pagbabalik ng Kuryente. Kapag nawala na ang mga kundisyong pabor sa sunog, iniinspeksyon namin ang mga linya ng kuryente para sa pinsala at/o mga debris. Dahil dito, maaaring tumagal ng isang araw o higit pa bago maibalik ang kuryente. Ang layunin namin ay ibalik muli ang kuryente kapag ligtas nang gawin ito.



Mga Update. Mag-sign up upang makatanggap ng mga PSPS Address Alerts sa buong mga kaganapan ng pagpatay ng kuryente sa pamamagitan ng pag-scan ng code sa ibaba o pagbisita sa **sce.com/pspsalerts**.

MAGPLANO NANG MAAGA. MAGING HANDA. MANATILING LIGTAS.

Bibigyan ka namin ng Impormasyon sa panahon ng pagkawala ng kuryente at kapag naibalik na ang kuryente.



I-bookmark ang Mapa ng Pagkawala ng Kuryente. Maaari mo ring i-bookmark ang aming mapa sa pagkawala ng kuryente sa **sce.com/outagemap** o i-download ang MySCE mobile app sa **sce.com/mobile-app**.



Ilagay ang Iyong Pinakabagong Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan. Siguraduhing nasa iyong kasero o may-ari ng paupahan ang iyong pinakabagong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, upang maibahagi nila sa iyo ang mga alerto sa PSPS bago ang isang pagkawala ng kuryente.



Gumawa ng Planong Pang-emerhensiya. Magplano para sa lahat ng nasa iyong sambahayan, kabilang ang mga alagang hayop, at gumawa ng isang kit ng mga pantustos para sa mga mas matagal na pagkawala ng kuryente. Bisitahin ang **sce.com/tl/beprepared** para sa mga tip.



Magplano para sa mga Pangangailangang Medikal. Kung ikaw o ang isang tao sa iyong tahanan ay umaasa sa de-kuryenteng medikal na kagamitan, matuto nang higit pa tungkol sa aming programang Medical Baseline Allowance sa **sce.com/mbi**.



Maghanap ng mga Kapaki-pakinabang na Mapagkukunan. Alamin ang tungkol sa aming mga programa sa pangangalaga sa customer at mga rebate para sa mga istasyon ng kuryente at portable generator para sa mga kwalipikadong customer sa **sce.com/customerresources**.

MANATILING MAY KAALAMAN.



Kaligtasan sa PSPS at Wildfire. Patuloy kaming namumuhunan sa mga hakbang sa katatagan upang mabawasan ang panganib ng mga wildfire na dulot ng mga kagamitan sa utility. Matuto nang higit pa tungkol sa PSPS sa **sce.com/tl/psps** at sa aming mga pagsusumikap sa kaligtasan ng sunog sa **sce.com/tl/wildfire**.

Mensahe na binayaran ng mga nagbabayad ng singil.

Kumuha ng mga update sa pamamagitan ng pagsunod sa amin sa:



facebook.com/sce



x.com/sce



instagram.com/sce